


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Mahahalagang Pangyayari/Pagsagot sa Nabasang Talaarawan, Journal, Talambuhay at Anekdota



Filipino – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagbibigay ng Mahahalagang Pangyayari sa Nabasang Talaarawan, Talambuhay at Dokumentaryo Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, 2 asana sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Gesille G. Gagni-Grande	
Editor:	Ma. Teresa B. Afable, Shirley B. Bacal, Jennifer A. Ballena	
Tagasuri:	Virgina C. Dulfo, Arnulfo B. Mendiola, Jennifer A. Ballena	
Tagalapat:	Allan C. Arma	
Tagapamahala:		
	Ramir B. Uytico	Bernardo A. Adina
	Arnulfo M. Balane	Gaudencio C. Aljibe, Jr.
	Rosemarie M. Guino	Lea C. Aberia
	Teodorico C. Peliño	
	Joy B. Bihag	Ma. Teresa B. Afable
	Ryan R. Tiu	Shirley B. Bacal
	Dandy G. Acuin	

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan –

Modyul 1:

Pagbibigay ng Mahahalagang

Pangyayari/Pagsagot

sa Nabasang Talaarawan,

Journal, Talambuhay at

Anekdota

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta kaibigan! Nandito na muli ako ang iyong kaibigan na si Kakay na bumabati sa inyo ng maligayang pagtatagpo para sa panibagong markahan.

Narito ang aralin na gagabay sa iyo upang lubosan maunawaan ang mga mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan, talambuhay at napanood na dokumentaryo.



At narito naman ako muli ang Kaibigan mong si Kokoy na makakasama mo rin sa iyong pagkamit ng mga bagong kaalaman.

Sa modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang sumusunod na mga kasanayan:

- a. naibibigay ang mahahalagang pangyayari/nasasagot ang mga tanong sa binasang talaarawan, journal, talambuhay at anekdota
- b. natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan, journal, talambuhay at anekdota
- c. napapahalagahan ang mga pangyayari sa nabasang talaarawan, journal, talambuhay at anekdota





Subukin

Sa naunang mga aralin ay naituro na sa iyo ang ilang kasanayang maaaring makatulong sa pagsagot sa bahaging ito. Subukin isagawa ang kasunod na gawain.

A. **Panuto:** Basahin ang talaarawan sa ibaba. Kopyahin ang diyagram at ibigay ang hinihinging impormasyon.


Lunes, Hunyo 1

Maaga akong gumising upang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Inihanda ko ang aking uniporme bago ako maligo. Kumain din ng masarap na almusal at uminom ng isang basong gatas. Ngumiti ang nanay ko sabay sabi niyang hindi pala tuloy ang klase dahil sa pandemya. Kaya bumalik ako sa aking silid at nagpalit muli ng aking pambahay.

Martes, Hunyo 2

Tinuruan ako ng ate ko na magluto ng masarap na *hotcake*. Natuwa ang aming magulang dahil marami kaming natututuhan sa panahon ngayon. Kahit pa walang pasok, tuloy-tuloy din ang aming pagbabasa ng mga babasahin na binibili sa amin ng aming magulang. Pero mas gusto ko pa rin ang gaya ng dati na nakalalabas ng bahay at nakapupunta sa paaralan at sa iba pang lugar. Kaya bago ako matulog, pinagdadasal ko sa Panginoon na mawala na ang COVID-19 at bumalik na sa normal ang lahat.

-Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division



- B. **Panuto:** Basahin ang talaarawan ni Sophia sa buwan ng Hunyo sa ibaba. Kopyahin ang dayagram at ibigay ang hinihinging impormasyon kasunod nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Talaarawan ni Sophia

Hunyo 1, 2020

Nagising ako sa lakas na tila pumutok na bomba. Dali-dali akong bumangon at lumabas ng aming bahay. Nagkukumpulan sa kalsada ang aking pamilya at mga kapitbahay. Hindi pala bomba ang pumutok kundi isang sasakyan na nilalamon ng apoy. May mga *fire truck* at *police car* na naroon. May mga pulis na nagsasaway sa mga taong gustong lumapit. May mga kalalakihan mula sa aming barangay na tumulong sa pag-apula ng apoy sa pamamagitan ng pag-igib ng tubig mula sa poso malapit sa kalsada. Ang iba ay pinauwi ng mga pulis dahil delikado daw ito. Umuwi na rin kami sa aming bahay. Nag-aalala ako sa maaring maging dulot ng sunog sa paligid. Maitim ang usok at amoy gasolina ito. Paano na lang ang mga bata at matatandang maysakit na nakakaamoy dito. Maaari itong maging sanhi ng sakit, lalo na sa may mga hika. Ipinagdasal ko na sana ay maapula na ito at mawala na rin ang amoy na nanggagaling dito.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Ang Talaarawan ni Sophia

Hunyo 7, 2020

Tumulong ako sa mama ko sa paghahanda ng altar para sa birtuwal na pagsimba. Inayos namin ang aming sala. Naglagay kami ng bibliya at bulaklak sa mesa sa harap ng telebisyon. Nagbihis din kami ng pansimbang damit. Pagsapit ng ikasiyam ng umaga ay nagsimula na ang *worship service*. Kumanta muna kami kasabay ng aming mga *churchmates* ng *praise and worship songs*. Napakaganda ng mensahe ng aming pastor. Tinalakay niya dito ang pagkakaisa ng pamilya sa panahon ng problema. May mga aral siya na ibinahagi tungkol sa pagkakaisa lalo na sa panahon na lahat tayo ay kumakaharap ng problema sa COVID 19. Pinayuhan niya ang bawat pamilya na manatiling maniwala at makinig sa mga salita ng Diyos dahil Siya lamang ang makakasalba sa atin. Nanatili ito sa aking isipan hanggang sa aking pagtulog.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Ang Talaarawan ni Sophia

Hunyo 20, 2020

Maganda ang sikat ng araw ngayon. Pumunta ang aming pamilya sa aming farm. Nagdala kami ng iba't ibang halaman na aming itatanim. Mayroong iba't-ibang buto ng gulay. Mayroon din kaming mga tanim na namumulaklak. Nakahanda na ang mga plot na aming pagtataniman. Kaniya-kaniya kami sa pagpili kung ano ang aming itatanim. Ang Ate Erin ko ay piniling magtanim ng sunflower. Ako naman ay nagtanim ng petsay. Si bunso ay talong ang pinili, samantalang sina Mama at Papa ay ampalaya at mani. Si Kuya Intoy, ang tagabantay ng farm ay naghanda ng tubig para idilig sa halaman.

Pagkatapos naming magtanim ay naghanda ang aming tita ng meryenda. Mayroong biko, pansit at buko juice. Masaya kaming nagsalo-salo sa aming cottage. Panay ang pagpapatawa ni papa sa amin. Ikinuwento niya ang kaniyang buhay habang lumalaki siya dito sa farm. Madalas daw ay napapalo siya nina lolo at lola mahilig siyang umakyat sa puno ng mangga at lansones. Minsan daw pagbaba niya ay nag-aabang na ang lola na may pamalong nakahanda. Tatalon daw siya kaagad at tatakbo nang mabilis para hindi mapalo. Nagkuwento din si Papa na minsan daw ay may nakita siyang malaking sawa. Sumigaw daw siya at naalerto ang ahas. Sa halip na tumakbo ang papa ay ang ahas daw ang lumayo, kaya laking pasalamat niya na hindi siya nakagat. Mula noon ay natakot na siyang maglakad ng mag isa sa farm.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Ang Talaarawan ni Sophia

Hunyo 26, 2020


Kaarawan ngayon ng mama. Naghanda kami ng iba't-ibang putahe. Tinulungan kami ng tita sa paghahanda. Inayos namin kahapon ang aming cottage sa may garahe. Naglagay kami ng mga lobo, pabitin at malaking happy birthday na kulay dilaw. Si papa naman ay nagpagawa sa kaniyang kumare ng birthday cake. Pinalagyan pa niya ito ng pera sa loob. Pinagbihis namin si mama ng kulay pula na damit. Nagsimulang magdatingan ang aming mga tito at tita kasama ang aming mga pinsan. Nagdasal muna kami at nag-alay ng aming mga mensahe para kay mama. Nakita kong lumuha si mama habang nagsasalita ang papa at kaming magkakapatid. Alam kong luha iyon ng saya. Nagpasalamat si mama sa aming ginawang paghahanda. Inawitan namin siya ng mga kanta ng pagpapasalamat.

Oras na ng kainan. Pinuri nila ang aming inihandang pagkain. Nasiyahan din sila sa aming dekorasyon. Pagkatapos kumain, nagkaroon ng parlor games para sa aming magpipinsan. Meron din para sa aming mga tito at tita. Enjoy na enjoy ang lahat. Bago magsiuwi ang aming mga bisita, namigay kami ng mga souvenir. Talagang pinaghandaan namin ang espesyal na araw ni mama. Nagpasalamat sa amin si Mama. Talagang kay saya naming lahat sa araw na iyon.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Sagutin ang mga tanong sa sagutang papel.

1. Sino ang sumulat ng talaarawan?
2. Napansin mo ba kung paano siya sumulat ng kaniyang talaarawan?
3. Ano ang nilalaman ng kaniyang talaarawan?
4. Sumusulat ka rin ba ng gaya nitong talaarawan?
5. Sa iyong palagay, bakit sumusulat ng talaarawan?
6. Magtala ng mahahalagang pangyayari sa binasa. Kopyahin ang graph sa iyong sagutang papel.



Aralin

1

Pagbibigay ng mahahalagang pangyayari/pagsagot sa nabasang talaarawan, journal, talambuhay at anekdota

Ang talaarawan, journal, talambuhay at anekdota ay ilan lamang sa iyong nababasa. Kung minsan nga ay sinusubukan mo nang sumulat nito. Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol dito.




Balikan

Naalala mo pa ba ang huling napag-aralan sa unang markahan? May grap sa susunod na pahina tungkol sa badyet ng pamilya. Pag-aralan ito at sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Badyet ng Pangangailangan ng Pamilya Ang sa Isang Buwan



Sagutin ang mga tanong.

1. Ilang bahagdan sa kita ng mag-anak ang para sa edukasyon?
2. Aling pangangailangan ang may pinakamalaking bahagdan?
3. Ilang bahagdan ang para sa bahay at pananamit?
4. Aling pangangailangan ang may pinakamaliit na bahagdan?
5. Anong uri ng grap ang ginamit na ilustrasyon?



Tuklasin

Basahin ang talaarawan. Kopyahin ang dayagram at punan ng mahahalagang pangyayari.

Miyerkules, Hunyo 3, 2020

Madaling araw kanina ay nanganak ang aming pusa. Sabik naming inabangan ang paglabas ng mga munting kuting kaya naman maaga pa lang ay nasa kusina na kami. Habang naghahanda ng almusal ang nanay ay sumilip kami sa aming alaga. Parang pagod na pagod ito. Ang saya ng aking pakiramdam nang makakita ako ng apat na mga kuting na may kulay na puti, abo at mayroon din na magkahalong itim at abo.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

- Gesille G. Grande. DepEd. Boronaan Citu Division

Huwebes, Hunyo 4, 2020


Hindi ako nakatulog kagabi agad dahil nag-isip ako ng mga pangalan na ibibigay sa apat naming kuting. Napagkasunduan naming magkapatid na hati kami sa pagbibigay ng pangalan. Papangalanan ko ang isa na Kitty at ang isa naman ay si Minnie. Bagay na bagay sa kanila ang mga pangalan na aking ibibigay. Ano kaya ang ibibigay na pangalan ng aking kapatid sa dalawa pang natitirang kuting?

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Biyernes, Hunyo 5, 2020

Ginising ako nang maaga ng aking kapatid. Mangiyak-ngiyak siya habang nagkukuwento sa pagkamatay ng isang kuting. Nag-iyakan kaming dalawa nang makita namin ito. Inilabas namin ito at naghukay kami ng kaniyang paglilibingan. Kumuha kami ng mga bulaklak at nilagay ito sa lupa. Awang-awang kami sa aming pusa dahil hindi ito mapakali. Inilipat namin sila sa may sala. Doon, binantayan namin sila at inaalaan nang maayos.

Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division



A. Panuto: Basahin ang talambuhay. Sagutin ang mga tanong kasunod nito.

Kuwento Ko 'To: Ang Aking Talambuhay

Ang pagtuturo sa mga bata ay isang adhikaing hindi mapapantayan ng kahit anong bagay. Para sa kaniya, ang pagiging guro ay hindi lamang propesyon na nagbibigay ng kabuhayan, kundi isa itong hangarin na ninanais makapagbago ng takbo ng buhay ng isang bata.

Siya ay panlima sa walong anak ng abogadong si Benjamin B. Gagni na taga-Pangasinan at ni Dolores T. Grafil, isang dating empleyado ng gobyerno na taga-lungsod ng Borongan. Ipinanganak siya noong Disyembre 25, apatnapung taon na ang nakalipas. Nag-aral siya ng kaniyang elementarya sa *Borongan Pilot Elementary School*. Nagtapos siya ng sekondarya sa *Eastern Samar National Comprehensive High School* noong 1996. Pinalad siyang makapasa sa *University of the Philippines in the Visayas Tacloban College* sa kursong *Political Science*.

Maaga siyang nag-asawa sa ngayo'y negosyanteng si Emar Allan Grande sa edad na 23 at biniyayaan ng tatlong anak na sina Gyle Eon, Emry Gaile at Elwyn Godofredo. Noong isa pa lamang ang kaniyang anak ay napagpasyahan niyang mag-aral muli. Kinuha niya ang kursong edukasyon sa *Saint Mary's College of Borongan*. Pagkatapos ng dalawa at kalahating taon, naipasa niya ang *Licensure Examination for Teachers (LET)* sa pamamagitan ng *self-review*. Nilibang niya ang sarili habang naghihintay ng resulta sa pagbibiyaha. Noong 2013 ay ganap na siyang naging guro. Una siyang nagturo sa malayong barangay ng San Mateo. Doon ay nakilala niya ang kaniyang mga bagong kaibigan. Habang nagtuturo, ipinagpatuloy pa din niya ang edukasyon. Nag-enrol siya sa *Asian Development Foundation College* sa kanilang *Post-Graduate Program ng Masters in Education, major in Reading*. Sumulat siya ng aklat para matapos ang kursong ito. Natapos niya ito noong 2019.

Pagkatapos ng mahigit na anim na taong pagtuturo sa mababang paaralan ng San Mateo, nailipat siya sa mas malapit na paaralan sa kanilang tinitirhan, ang *Sabang Central Elementary School*. Patuloy siyang nagsisilbi bilang guro sa ikalawang baitang.

Ito po ang kuwento ng inyong tagasulat, Gesille G. Gagni-Grande.

-Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Mga tanong:

1. Kaninong kuwento ng buhay ang iyong binasa?
2. Paano niya sinulat ang kuwento ng kaniyang buhay?
3. Ano ang tawag sa tulad ng iyong binasa na nagsasalaysay ng kuwento ng buhay?
4. Bakit sinasabing hindi mapapantayan ng kahit anumang bagay ang pagtuturo sa mga bata?
5. Magbigay ng limang mahahalagang pangyayari mula sa iyong binasa. (5 puntos)



Suriin

Narito ang kahulugan ng talaarawan, talambuhay, journal at anekdota. Basahin at unawain mo ang bawat isa upang malaman mo ang katangian at pagkakaiba nito.



Ang **talaarawan** ay isang pang-araw-araw na tala lalo na ng mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon at pananaw. Ito ay sinusulat na parang nakikipag-usap sa isang tao, na maaaring tawaging “Mahal kong Diary o Talaarawan” o maaari ring bigyan ng pangalan na parang isang tunay na tao ang sinusulatan.

Maaaring pansariling karanasan at pananaw lamang ang karaniwang laman ng talaarawan, ngunit ito ay depende sa sumusulat at sa kapaligiran ng pagsusulat. Maaaring kapulutan ang talaarawan ng mahalagang impormasyon tungkol sa isang pangyayari sa kasaysayan.

Ang **talambuhay** o *biography* ay isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao batay sa mga tunay na tala, pangyayari, o impormasyon.

Ang pagsulat ng isang talambuhay ay may dalawang paraan: maaari itong tungkol sa ibang tao o kaya sa manunulat mismo.

Ang **journal** ay tala ng mga obserbasyon sa paligid na nakatawag ng atensiyon ng isang indibidwal. Maaaring ito ay isang repleksiyon ng mahahalagang pangyayari na naging gabay o nakapukaw sa isang damdamin.

Ang **anekdota** ay maikling kuwento na isang nakawiwiling insidente sa buhay ng isang tao.

Ang karaniwang paksa ng anekdota ay mga taong kilala. Layunin nito ang ipabatid ang isang katangian ng pangunahing tauhan ng anekdota. Minsan ang anekdota ay nagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari at mayroon ding minsan na ang mga pangyayari ay bungang-isip lamang. Mayroon ding mga anekdota na hindi hango sa talambuhay. Ang layunin ng anekdota ay mang-aliw, makapagturo, at makapaglarawan ng ugali ng tauhan.



Pagyamanin

Basahin ang anekdota. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

Ang Modyul ni Emry

Si Emry ay nasa ikalawang baitang ngayon. Libangan niya ang paglalaro sa kaniyang *Ipad*, pagguhit at panonood ng mga palabas sa *Youtube channel*. Dahil sa pandemic, hindi siya makalabas ng bahay.

Masaya siya nang magsimula ang pasukan. Hindi man siya makapunta sa paaralan, pinakahihintay naman niya ang pagdating ng modyul. Oktubre 5 nang magsimula ang klase. Hinintay niya ang pagdating ng kaniyang papa na siyang kumuha ng modyul. Sinalubong niya ito sa pintuan at agad na kinuha ang *envelope* na pinaglalagyan nito. Dali-dali niya itong binuksan at kinuha ang nasa loob.

“Papa, Papa, there’s a story book inside. Can I read it now?” tanong niya. Hindi pa man nakakasagot ang ama nito ay binuklat niya ito. *“But this is not English, how am I suppose to understand this?”*, malungkot na tanong niya. Ibinalik niya ang modyul sa *envelope*.

Sumabad ang lola ni Emry, *“ayan kasi, pa-Ingles-ingles kayo sa anak niyo, ngayon paano ang pagsagot niyan?”* Nagkatinginan ang mga magulang ni Emry at nagkatawanan sila. *“No problem, Mother, I’ll be the translator, no sweat,”* sagot ng Papa.

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division

Mga tanong:

1. Ano ano ang nakahiligang gawin ni Emry?
2. Bakit kaya masaya siya kahit hindi nakalalabas ng bahay?
3. Paano mo mapatutunayan na interesado si Emry na matuto?
4. Sa iyong palagay, tama kaya ang lola ni Emry sa kaniyang sinabi? Patunayan ang iyong sagot.
5. Magbigay ng tatlong mahahalagang pangyayari sa anekdotang nabasa.



Isaisip

Upang masuri kung may nalaman kayo sa araling ito, sikaping masagot ang mga sumusunod.

Punan ng tamang salita ang bawat patlang.

1. Ang _____ ay tala ng nangyayari sa bawat araw.
2. _____ at pananaw lamang ang karaniwang laman ng talaarawan, ngunit ito ay depende sa sumusulat at sa kapaligiran ng pagsusulat.
3. Ang _____ ay isang anyo ng panitikan kung saan nagsasaad ito ng kasaysayan ng buhay ng isang tao batay sa mga tunay na tala, pangyayari, o impormasyon.
4. Ang _____ ay tala ng mga obserbasyon sa paligid na nakatawag ng atensiyon ng isang indibidwal.
5. Ang _____ ay maikling kuwento na isang nakawiwiling insidente sa buhay ng isang tao.



Isagawa

Basahin ang talambuhay at ibigay ang hinihinging impormasyon kasunod nito.

Talambuhay ni Don Juan Sumulong


Ipinanganak sa Antipolo, Rizal noong ika-27 ng Disyembre, 1875 si Juan Sumulong. Siya ay anak ng magsasakang si G. Policarpio Sumulong na naging Alkalde ng Antipolo at ni Gng. Arcadia Marquez. Nagtapos ng Bachelor of Arts sa Colegio de San Juan de Letran sa kabila ng kahirapan at sakripisyo. Naglako ng tabako pagkatapos ng klase sa umaga, tumulong sa kasera sa paghahanda ng almusal upang matugunan ang upa sa tinitirhan at nagtiis magsuot ng sapin sa paang yari sa kahoy kung tag-ulan upang hindi kaagad masira ang kaisa-isang pares ng sapatos. Nagpatuloy sa pag-aaral hanggang sa makapagtapos ng Abogasiya sa Unibersidad ng Santos Tomas.

Nang sumiklab ang rebolusyon laban sa mga Espanyol, sumapi siya sa mga rebolusyonaryong nakahimpil sa Lalawigan ng Morong. Nagsilbi bilang pribadong kalihim ng gobernador sibil sa Morong na nakahimpil sa Antipolo. Matapos ang naging pagpupulong upang magsanib ang Lalawigan

ng Morong at Lalawigan ng Maynila, na sinang-ayunan ni Konsehal Sumulong, tinawag itong Lalawigan ng Rizal. Siya rin ay naging mamamahayag sa La Patria, naging tagasuri ng kalagayang pampulitikal ng La Democracia, isang lathalain ng Federal Party, kung saan siya ay nagsilbi bilang patnugot ng mahabang panahon. Matapos makapasa ng pagsusulit pang-abogasiya noong 1901, nagsilbi bilang mambabatas habang nagtuturo sa Escuela de Derecho. Napagtagumpayan ang usaping hangganan ng Antipolo at Cainta. Noong 1925, nahalal bilang Senador ng anim na termino sa ikaapat na distrito na binubuo ng Maynila, Rizal, Laguna at Bataan. Naging kasapi ng Philippines Independence Mission sa Estados Unidos noong 1930 hanggang 1931. Kumandidato bilang katunggali ni Manuel L. Quezon sa pagkapangulo ng Pilipinas noong 1941, ngunit dalawang linggo bago ang eleksyon, naratay sa banig ng karamdaman hanggang sa pumanaw noong ika-9 ng Enero, 1942. Si Maria Salome Sumulong, ang kanyang nakaisang dibdib. Nagkaroon ng 11 anak, ngunit apat sa kanila ay namatay. Sina Lumen, Dimetria, Lorenzo, Paz, Juan Jr., Belen at Francisco ang natirang buhay. Si Dimetria Sumulong ay ikinasal kay Jose Chichioko Cojuanco mula sa Tarlac. Ang kanilang ikaapat na anak (apo ni Juan Sumulong) ay si Corazon C. Aquino, ang ikalabindalawang pangulo ng Pilipinas (1986-1992) na ina ng ikalabinlimang pangulo ng Pilipinas na si Benigno Aquino III.

Taglay ni Don Juan Sumulong ang katangian ng isang tunay na Antipolenyo, ang pagiging maka-Diyos, matulungin, magiliw sa pagtanggap ng mga panauhin, masayahin at mapagmahal sa kapwa at sa pamilya. Ipinangalan sa kanya ang ilan sa mga pribadong paaralang pansekondarya, ang Juan Sumulong Memorial School System. Ang Sumulong Highway na nabuo noong 1960, ang daan nagdudugtong sa Lalawigan ng Rizal, Metro Manila at Marikina ay ipinangalan din sa kanya.

- www.senate.gov.ph/senators/former_senators/juan_sumulong.html;
<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/12683>





Tayahin

Sukatin natin ang iyong natutuhan sa aralin sa pamamagitan ng pagsubok na ito.

- A. Basahin ang journal ni Gyle sa buwan ng Agosto. Kopyahin sa papel ang diyagram kasunod nito at punan ang hinihinging impormasyon.

Agosto 24, 2020

Inihanda ko ang mga gamit para sa aming unang araw ng online class. Masaya ako ngunit kinakabahan din ng kaunti. Ano kaya ang masasabi ng aking mga kaklase, o ng aking mga propesor sa bagong paraan ng pagkaklase ngayon? Ganap na ikasiyam ng umaga pa ang aming *orientation program* ngunit alas otso pa lang ngayon ay nakaharap na ako sa aking *laptop*. Naligo ako kanina at nagbihis ng aking uniporme. Pagbukas ko ng *Zoom classroom* namin ay marami na pala ang nag-aabang, kasama na rito ang aming propesor. Binati namin si *Sir*. Halos sabay-sabay kaming nagsalita at nagtawanan kami. *Narealize* ko na *miss* na namin ang isa't-isa.


Block section kami kaya sila pa rin ang aking mga kaklase noong *Grade 11*. Kumustahan, tawanan, at pagbalik ng alaala sa aming mga ginawa noong unang taon. Gusto sana naming na magkakasama kami sa pagkain sa aming *break*, pati na rin sa tanghalian gaya ng dati. Nasabi namin na sana ay bumalik ang panahon na kasama namin ang isa't-isa. Kahit pa man minsan ay naglolokohan kami ng aming kamag-aral, kahit may tampuhan, minsan ay awayan pa, mas ninanais namin na bumalik pa rin ito. Ay sana Panginoon, matapos na po ang pandemyang ito at nang makakilos na po uli kami ng gaya ng dati.

Agosto 27, 2020

Eksaktong ikasiyam ng umaga nang pumasok ako sa aming klase. Naka-uniporme pa rin ako. Nandoon na pala ang aking mga kaklase at nagkukuwentuhan pa. May tawanan ulit. Pagpasok ng aming propesor ay tahimik kaming lahat. Mandarin Language ang aming asignatura ngayon. Unang beses na nagkaharap harap kami sa *Zoom classroom* namin sa aming propesor na isang Intsik. Unang bungad niya ang pangungumusta sa amin. Kinumusta rin namin siya. Tumahimik kami pagkatapos ng kumustahan. Tila alanganin ang lahat sa pagsasalita. Si Ma'am Choi ay galing Wuhan, ang sentro ng COVID 19 noon at ang pinanggalingan ng pandemya. Tinawag niya isa isa ang aming pangalan. Tahimik lang lahat hindi kagaya sa ibang klase na halos lahat gustong magsalita. Napansin ni Ma'am ito. Tinanong niya kami kung ano ang aming nararamdaman na kaharap namin siya. Nagsalita ako. Tinanong ko siya kung totoo bang galing sa paniki ang virus. Nagpakiramdaman kaming magkaklase. Nagsisi ako sa aking tanong dahil parang nasaktan si Ma'am. Ibinalik niya sa amin ang aking tanong. Sumagot si Mitch, isang half-Chinese na kagagaling lang bumisita sa kaniyang lolang nasa Beijing. Sinabi niya na sa kanilang mga Intsik, naniniwala sila na galing nga ito sa paniki. Sumunod ang iba kong

mga kaklase na mga Intsik din. Ganon din ang kanilang paniniwala. Nang magsimulang magpaliwanag si Ma'am Choi, lahat kami nakatutok sa kanya. Para akong nakikinig ng isang dokumentaryo sa kanyang paliwang, wala nga lang *video*. Nabanggit niya ang sinasabing laboratoryong pinanggalingan daw ng *virus*. Sinabi niya na isa itong paninira sa kanilang gobyerno. Marami siyang ipinaliwanag tungkol dito. Halos maubos ang aming oras sa pag-uusap tungkol sa COVID. Magkakaiba man ang aming pananaw, pare-pareho naman ang aming hangad na sana ay matapos na ang pandemya at maibalik na sa normal ang lahat. Sa pagtatapos ng aming klase, napagtanto ko ang huling sinabi ni Ma'am na tama naman talaga. Ika niya, kung isasara natin ang ating isip sa ating gusting paniwalaan, kahit anong paliwanag ay hindi ito mababago. Ngunit kung bukas ang ating isip sa pagtanggap ng paliwanag ng iba, maaari itong makapagbukas ng bagong oportunidad sa ating buhay.

- Gesille G. Grande, Borongan City Division



B. Basahin ang anekdota. Sagutin ang mga tanong kasunod nito.

Sa isang paaralan, isang hapon nasa isang mahabang mesa ang mga guro upang magwasto ng mga modyul galing sa mga bata. Napansin ni Gng. Rosario na mabilis magtsek ang isang guro sa unang baitang. “Gng. Altar, ang galing mo naman. Mabilis ka ka magtsek.” Tatawa-tawang sumagot si Gng. Altar, “Ay sus, mare, mabilis ako kasi yung mga bayad ko ng utang ang nilalagyan ko ng tsek.” Dadag pa niya, “Natapos ko na kasi itsek ang ibang modyul kagabi kaya kaunti na lang din ang itse-tsek ko ngayon.”

- Gesille G. Grande, DepEd, Borongan City Division


1. Ano ang ginagawa ng mga guro sa paaralan?
2. Ano ang napansin ni Gng. Rosario kay Gng. Altar?
3. Bakit tawang-tawa si Gng. Altar sa sinabi ni Gng. Rosario?
4. Magbigay ng dalawang mahahalagang pangyayari sa inyong binasang anekdota.

Mahusay! Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Kung may mga bahagi ng aralin na hindi pa rin malinaw sa iyo, maaari mo itong balikan. Magtanong ka rin sa mga kasama mo sa bahay o tumawag sa iyong guro upang lalo mo itong maunawaan. Kung ang lahat ay malinaw na sa iyo, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.






Susi sa Pagwawasto




- Subkin B.
1. Si Sophia.
 2. Sinulat niya ang mga pangyayari at karanasan sa niya sa bawat araw. Makikita dito ang petsa kung kailan ito nangyari.
 3. Ang kaniyang karanasan, damdamin, at mahahalagang pangyayari sa bawat araw .
 - 4-6 Sariling sagot ng mag-aaral (Maaring maghanda ng rubric para sa pagwawasto rito).



Tuklasin, B

- Kay Gesille G. Gagni-Grande.
- Sinulat niya ang mahahalagang pangyayari sa kaniyang buhay at mga importasyong gaya ng magulang, asawa, anak, mga paaralang pinag-aralan, at mga pananaw sa buhay.
- Tambuhay
- Sariling sagot ng mag-aaral
- Maaring magkabit ang isagot ng mga bata


a.	Nagtapos sa elementarya sa Borongan Pilot Elementary School
b.	Nagtapos ng sekondarya sa Eastern Samar National Comprehensive High School
c.	Nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas ng kursos ng Political Science
d.	Nag-asawa sa edad na 23 at bininyayan ng tatlong anak
e.	Nag-aral ng kursos ng edukasyon sa Saint Mary's College of Borongan
f.	Napasa ang LET ng ganap na ang mga guro noong 2013
g.	Unang nagturo sa San Mateo Elementary School
h.	Nag-aral at nagtapos ng Post Graduate Degree sa Asian Development Foundation College sa Tacloban City
i.	Natipat sa Sabang Central Elementary School
j.	Patuloy na magtutubing guro



- Baliklan
- 15%
 - Para sa pagkain
 - 15% para sa bahay at pananamit 10%
 - para sa pag-iimpok
 - pie o circle graph

1. Paglalaro sa Ipad, pagdrowing at panonood ng mga palabras sa Youtube channel
2. Dahil makakapag-araal pa rin siya kahit hindi makalabas ng bahay sa pamamagitan ng pagsagot sa mga modyul.
3. Hinihintay niya ang pagdating ng kanyang papa na may dalang modyul at kaagad niya itong binuksan.
4. (Maaring magkakatiba ang sagot ng mga mag-aaral.)
- A. naglibang sa paggamit ng iPad, pagdrowing at panonood
- B. masayang naghintay sa pagdating ng modyul na sasagutan
- C. ibinalik muli sa envelope ang modyul dahil hindi niya ito maunawaan


Pagyaamanin



Isaisip

1. talaarawan
2. pansariling karanasan
3. talambuhay
4. journal
5. anekdota
- 6.

Isagawa . (Maghanda ang guro ng rubrik para sa pagwawasto ng mga sariling sagot ng mag-aaral)



- Tayahin B.
1. Nagtsetsek ng mga modyul ng kanilang mag-aaral
 2. Mabilis magtsek ng modyul si Gng. Altar
 3. Dahil mali ang inisip ni Gng Rosario tungkol sa pagtsek ng modyul.
 4. Halimbawa ng pangyayari (maaring iba ang sagot)
 - Nagpunta sa paaralan ang mga guro upang magwasto ng mga modyul ng mga mag-aaral.
 - Masaya na nagwawasto ang mga guro sa paaralan at nagkakatuwanan sila.

Sanggunian

www.senate.gov.ph/senators/former_senators/juan_sumulong.html/
<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/12683>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph